

ASIGNATURA:	Edukasyon sa Pagpapakatao	BAITANG:	2
MARKAHAN:	Una	PANGKAT:	
PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:	Naisakikilos ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan, kalusugan at pag-iingat ng katawan	CODE:	EsP2PKP-Id – 11

Pangalan: _____


Petsa: _____

GAWAIN 4

- I. **Panuto:** Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Alin sa mga pagkaing ito ang mabuti sa iyong kalusugan?

A.



B.



C.



2. Suriin ang larawan. Ano ang masasabi mo dito?



- A. Siya ay kumakain ng masusustansiyang pagkain.
 - B. Marunong siyang magpahalaga ng kanyang kalusugan.
 - C. Maaari siyang magkasakit dahil sa kanyang mga kinakain.
3. Oras na para magpahinga at matulog dahil may pasok kinabukasan, subalit maganda at gustung-gusto mo ang palabas sa telebisyon. Ano ang dapat mong gawin?
- A. Ipagpapatuloy ang panonood.
 - B. Matutulog ako kapag komersyal.
 - C. Magtutungo na ako sa silid at matutulog.
4. Nakita mong walang takip ang ulam na nasa hapagkainan ninyo. Hinayaan mo lang itong walang takip. Tama ba ang iyong ginawa?
- A. Opo.
 - B. Hindi po.
 - C. Ewan ko po.
5. Nakita mong nilalangaw ang tindang "fish ball" sa may kalye. Niyaya kang bumili ng kaibigan mo. Ano ang dapat mong gawin?
- A. Panonoorin mo na lang siyang kumain.
 - B. Sasamahan mo siya pero hindi ka bibili.

C.Sasabihin ko sa kanya na madumi na ang paninda.

6. Tinanghali ka ng gising. Alam mong hindi mo na kayang gawin ang pagliligpit ng pinagkainan ninyo dahil mahuhuli ka na sa klase. Ano ang dapat mong gawin?

A.Hindi na ako papasok dahil maghuhugas pa ako ng pinggan.

B. Makiusap ako sa aking Nanay na hindi ko muna magagampanan ang aking gawain sa umagang iyon.

C.Hahayaan ko na lang ang aking mga kapatid na magligpit ng pinagkainan namin.

7. Alam mong angat ka sa iyong mga kaklase sa larangan ng pagsayaw. Ikaw ang madalas isali ng iyong guro sa mga paligsahan sa sayaw. Ano ang maaari mong maramdaman?

A. Mahihiya ako sa aking mga kaklase.

B. Magmamalaki ako sa aking mga kaibigan at kamag-aral.

C.Magiging masaya ako at pasasalamat ko ang aking guro.

8. May ginamit kang baso at plato sa pagkain mo ng meryenda sa hapag-kainan. Ano ang dapat mong gawin?

A.Kusa ko itong huhugasan.

B. Ipahuhugas ko sa aking ate.

C.Tatawagin ko si Nanay at siya ang maghuhugas.

9. Ano ang pwedeng mangyari sa batang HINDI kumakain ng masusustansiyang pagkain?

A. Lalaki siyang masigla at masayahin.

B. Maaari siyang magkaroon ng sakit.

C. Mas magiging aktibo at magaling siyang bata.

10. Alin sa mga sumusunod ang dapat gawin bago kumain?

A. Magsepilyo ng ngipin.

B. Maghugas ng kamay.

C. Magpalit ng bagong damit.